# *Ang Pagsisisi Yugto 3*

***"28 Datapuwa't ano sa akala ninyo? Isang taong may dalawang anak; at lumapit siya sa una, at sinabi, Anak, pumaroon at gumawa ka ngayon sa ubasan. 29 At sinagot niya at sinabi, Ayaw ko: datapuwa't nagsisi siya pagkatapos, at naparoon. 30 At siya'y lumapit sa ikalawa, at gayon din ang sinabi. At sumagot siya at sinabi, Ginoo, ako'y paroroon: at hindi naparoon." (Mateo 21:28-30)***

Ang Griyegong salita para sa **'Pagsisisi'** ay **'Metanoeo'**, na nangangahulugang baguhin ang isip, upang baguhin ang isip para sa kabutihan, upang baguhin ang isip ng tao at baguhin, na may pagkasuklam sa mga nakaraang kasalanan ng isa. Ito ay isang panloob na pagbabago ng isip, na magbabago ng pasya, na ang isip ay magpapasya na lisanin ang kasalanan, na kamuhian ang kasalanan, na ang bunga ay isang panlabas na pagbabago. Nang ang unang anak nang siya ay inutusan ng kanyang ama na pumaroon siya ay tumanggi at sinabing Ayaw ko, ngunit kalaunan napagtanto niya ito ay mali na tumaggi at sabihing Ayaw ko sa kanyang ama, kaya siya'y nagsisi, sa gayon nagbago ang kanyang isip, kaya siya ay pumaroon at ginawa ang sinabi ng kanyang ama sa kanya na gawin, sa gayon iyon ang kanyang pagsisisi. ***30 At siya'y lumapit sa ikalawa, at gayon din ang sinabi. At sumagot siya at sinabi, Ginoo, ako'y paroroon: at hindi naparoon." (Mateo 21:30)*** Ang pangalawang anak dito ay walang pagsisisi. Ano ang kanyang kasalanan? Isang pagsisinungaling, sinira niya ang kanyang pangako nang siya ay nangako at sinabi ***"Ako'y paroroon"*** ngunit hindi niya ginawa. Marami sinasabi nila, Oo, oo, oo, gagawin namin, huwag kang mag-alala, at sila'y hindi parorooon. Kaya naman ang awitin na sinasabi 'Oo Panginoon, oo oo panginoon, oo Panginoon, oo panginoon, 'oo Panginoon, oo oo panginoon, oo Panginoon, oo panginoon, 'oo Panginoon, oo oo panginoon, oo Panginoon, oo panginoon, 'Oo Panginoon, oo oo panginoon. ….Sa labi lamang ang paglilingkod ngunit hindi nila gagawin. Huwag maging kabilang sa mga ganoong pamantayan.

Ang pagsisisi ay isang ganap na pagtalikod. Ito ay paikot at hindi pagbalik. Ang pagikot mo ay nangangahulugang ganap kang tumalikod sa kasalanan, na ganap na kanang nabago ng direksyon ng iyong buhay, 180 degree. Ngunit ang pag-ikot ito'y nangangahulugang ikaw ay umalis sa kasalanan, ngunit pagkatapos ikaw ay babalik sa kasalanan, ikaw ay lalayo sa kasalanan at pagkatapos babalik dito, dahil ito ay isang pagikot, at iba pa na hindi pagsisisi. Ngayon sasabihin, Patawad panginoon, ngunit bukas sila'y paroroon at gagawin ulit at iba pa. O sasabihin nila patawad para sa mga kasalanan na aking nagawa ngayon at patawad para sa pareahong mga kasalanan na aking gagawin bukas.

Ang pagsisisi ay nangyayari kapag ikaw ay nasa malamim na kapighatian ng kasalanan na iyong ginawa at ikaw ay nagpasya na ganap na lumayo mula doon. Iyon ay dapat magpalumbay at magpapighati ayon sa maka-Dios na paraan; upang magkaroon ng maka-Dios na kalumbayan na humahantong sa pagsisisi, sa gayon ang kaligtasan at buhay na walang hanggan ay dadaloy sa iyong buhay. Iyon ang sinabi ni Pablo tungkol sa maka-Dios na kalumbayan na gumagawa ng pagsisisi na humahantong sa kaligtasan: ***"8 Sapagka't bagaman ako'y nakapagpalumbay sa inyo sa aking sulat, ay hindi ko dinaramdam: bagama't aking dinamdam (sapagka't akin ngang natatalastas na ang sulat na yaon ay nakapagpalumbay sa inyo, bagama't sa maikling panahon lamang), 9 Ngayo'y nagagalak ako, hindi dahil sa inyong pagkalumbay, kundi dahil sa inyong mga pagkalumbay na ikapagsisisi; sapagka't kayo'y pinalumbay sa paraang ukol sa Dios, upang sa anoman ay huwag kayong mangagkaroon ng kalugihan dahil sa amin. 10 Sapagka't ang kalumbayang mula sa Dios, ay gumagawa ng pagsisisi sa ikaliligtas, na hindi ikalulungkot: datapuwa't ang kalumbayang ayon sa sanglibutan ay ikamamatay." (2 Corinto 7:8-10)***

Karagdagang mga halimbawa ng pagsisisi, at paglisan sa likod ng dating buhay ng kasalanan ay ating mababasa sa Mga Gawa na mga nagsasagawa ng pagkukulam nang sila'y nagsisisi, sila'y lumapit at dinala ang kanilang mamahaling aklta at sinunog ang mga ito, ***"19 At hindi kakaunti sa mga nagsisigamit ng mga kabihasnang magica ay nagsipagtipon ng kanilang mga aklat, at pinagsusunog sa paningin ng lahat; at kanilang binilang ang halaga niyaon, at nasumpungang may limampung libong putol na pilak." (Mga Gawa 19:19)*** Sila'y handang mawalan ng malaking halaga ng salapi at ang kanilang pangunahing mga mapagkukunan para sa pamumuhay at iyon ang kautusan para sa kanila na mamuhay para kay Cristo at ng walang mga kasalanan; ganap na nagtitiwala sa Kanya para sa kanilang pamumuhat at para sa kanilang mapagkukunan ng kita na Siya ang lubos na magbibigat sa kanila. Upang magsisi kailangan mong itapon, punitin, layuan, o humiwalay sa lahat ng sumusunod na na hadlang sa Salita ng Dios at ng Kanyang kalooban:

- Ang iyong pagsamba sa mga dios-diosan, mga santo, apóstol, inang si Maria, ibang relihiyon, Islam, Hinduism, Buddhism, ang kanilang mga rebulto at mga larawan at mga rebulto ng mga ito.
- Sigarilyo, alak
- Ang iyong kasintahang lalaki o kasintahang babae
- Mga basura sa iyong mobile, mga Social Media, Laro, You Tube
- At iba pa

Ang pagsisisi ay kailangan din ng pagbabayad sa kung anong iyong kinuha o ninakaw at upang bayaran ang mga nawala, gaya ng ating mababasa sa inihandog ni Zaqueo nang si Jesus ay pumasok sa kanyang bahay. ***"8 At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa Panginoon, Narito, Panginoon, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaapat. 9 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman ni Abraham." (Lucas 19"8-9)*** Ipinahayag ni Jesusa na ang kaligtasasn ay dumating sa bahay na iyon dahil si Zaqueo ay handang ituwid ang maling daan ng buhay na ipinamumuhay niya at pininsala ang mga tao. Handang niyang iwanan ang pagmamalabis at ang pang-aabuso at handang bayaran ang mga kanyang napinsala. Hindi siya nagbigay ng pagdiriwang para kay Jesus gaya ng ginagawa ng marami sa ngayon, at patuloy sa kanilang mga kasalanan at paggawa ng mga mali.

Ang pagsisisi ay nangangahulugang din na kailangan mong makipagkasundo sa mga taong nasaktan mo gaya ng mababasa natin dito. ***"23 Kaya't kung inihahandog mo ang iyong hain sa dambana, at doo'y aalaala mo na ang iyong kapatid ay mayroong anomang laban sa***

***iyo, 24 Iwan mo roon sa harap ng dambana ang hain mo, at yumaon ka ng iyong lakad, makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid, at kung magkagayon ay magbalik ka at ihandog mo ang iyong hain." (Mateo 5:23-24)*** Kaya ang pagsisisi ay nangangahulugang paglayo mula sa pakikipaglaban at pakikipagtalo at mamuhay sa kapayapaan hangga't maaari kasama ang iba.

Ang tunay na pagsisisi ay nangangahulugang din na pagtalikod sa kasalanan, pagsuway at paghihimagsik, at pagbabalik sa Dios at gawin ang mabubuting gawain kasabay ng pagsisisi, gaya ng sinabi ni Pablo, ***"20 Kundi nangaral akong unauna sa mga taga Damasco, at sa Jerusalem din naman, at sa buong lupain ng Judea, at gayon din sa mga Gentil, na sila'y mangagsisi at mangagbalik-loob sa Dios, na mangagsigawa ng mga gawang karapatdapat sa pagsisisi." (Mga Gawa 26:20)*** Ang katulad sa sinabi ni Juan Bautista, ***"8 Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi:" (Mateo 3:8) "10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran." (Epeso 2:10)*** Nang iniligtas tayo ng Dios iniligtas Niya tayo para sa isang layunin at para sa ilang mga gawain na kailangan nating gawin, at ang pagsisisi ay kapag sinumulan nating gawin ang pinakamahusay na mga gawa na naunang inihanda ng Dios para sa atin na gawin at hindi para sa ating sarili. Walang kaligtasan para sa mga gumagawa ng kanilang sariling kalooban.

Ang pagsisisi ay isang gawa ng pananampalataya kinakailangan upang tanggapin ang kapatawaran para sa iyong mga kasalanan, Sinabi ni Jesus sa ***Lucas 13:3, "3 Sinasabi ko sa inyo, Hindi: datapuwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan."***

Ang pagsisisi ay pagtalikod sa iyong mga kasalanan at pagbibigay ng iyong buhay sa Dios. Ang pagsisisi ay ang tanging daan sa tunay na Cristianong buhay. Ang pagsisisi ay naglalaman ng apat na tiyak na mga gawa:

1. Pagpapahayag ng lahat ng nakaraang kasalanan.
2. Pagpapahayag ng lahat ng iyong kasalukuyang mga kasalanan na puputulin ang mga ito at hindi na ulit gagawin ang mga ito.
3. Pagtanggap kay Cristo bilang Tagapagligtas.
4. Buong pangako kay Crsito bilang Panginoon sa iyong buhay.

Ang sandali na ikaw ay nagsisi, ikaw ay palalayain mula sa pagkakasala at tunay na pananampalataya ay dumating sa iyong buhay. Ang bagong buhay na iyong ipapamuhay ay magiging buhay ng pananampalataya.

Ang iyong pagsisisi ay makakaapekto rin sa iyong pamilya, mga kaibigan at sa mga taong nakapalibot sa iyo. Makakatanggap ka ng bagong kaunawaan ng kanilang mga suliranin at ng kanilang saloobin. Magkakaroon ka ng bago, mas malalim na kaugnayan ng pagibig sa kanila. Matutuklasan mo ang pagnanais na dalhin sila kay JesuCristo.

Sa wakas, pagkatapos ng pagsisisi, Ipapahayag ng Dios ang Kanyang sarili sa iyo. Nang ikaw ay tumalikod mula sa iyong makasariling paraan, sisimulan ng Dios na gawin ang Kanyang mga paraan at plano na mas malinaw sa iyo sa bawat araw sa pamamagitan ng Kanyang Salita kaya naman kailangan nating magbasa ng ating Bibliya sa araw-araw.

Ang tunay na pagsisisi ay mak-Dios na kalumbayan na naghahantong sa pagpapahayag at pagtakwil ng mga kasalanan at kung saan kapag ito ay nagawa ay hahantong sa pagpapalaya at pagkakaroon ng kalayaan mula sa pagkakasala, pagpapanumbalik ng iyong kaugnayan sa Dios na gumagawa ng Kanyang mga daan at plano na malinaw, at umaakay sa iyo sa pagkakaroon ng mabuting kaugnayan sa iba.

***Maling mga paraan ng Pagsisisi:***

1. ***Ang pagsisisi ay hindi lamang sapat na humingi ng patawad o sabihin patawad:*** Ang pagsisisi ay dapat hahantong sa atin ng tunay na pagbabagong loob at pagbabago. Iyon ang sinabi ni Juan Bautista, ***Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi:" (Mateo 3:8)*** Sinabi ni Juan sa mga Judio na kinakailangan nilang mangabunga pagkatapos ng pagsisisi. Sa isang salita kailangan ng pagbabago, isang punto ng pagbabago; isang araw na naalala mo na tumalikod ka sa kasalanan patungo sa Dios; isang pagtalikod sa kasalanan patungo sa Dios at magsimulang maglingkod sa Kanya. Ang pagsisisi ay hindi lamang nakaramdam ng paghingi ng patawad sa pagkahuli o sa masamang bunga. Ito ay hindi isang lamang damdamin na lumayo sa kasalanan at baguhin ang iyong buhay.

2. ***Ang pagsisisi ay hindi panghihinayang:*** Marami ang nanghihinayang sa kanilang mga kasalanan. Tanging mga damdamin o tanging pakikipag-usap, tulad ng bakit ko ginawa iyon, ito ay mali, ngunit walang pagkilos na naganap; iyon ay hindi pagsisisi. Ito ay hahantong lamang ay sa mataos na pagsisisi, isang pagpapahirap na pakiramdam sa personal ng pagkakasala.

3. ***Ang pagsisisi ay hindi paggawa ng pagpapakasakit:*** Ang pagpapakasakit ay paggawa ng mabubuting gawa. Sa ***Epeso 2:8-9*** ay sinasabi ***"8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; 9 Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri."*** Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya, at wala tayong magagawa upang takpan ang ating mga kasalanan sa paggawa ng pagpapakasakit. Binayaran ni Jesus ang ating mga kasalanan sa krus. Hindi nating madadagdang ang Kanyang nagawa na para sa atin. Hindi tayo makakagawa ng mabubuting gawa para mabayaran o matakpan ang ating mga kasalanan; tulad ng pagpapakain sa mahihirap at pagbibigay ng mga regalo at pagtulong sa mga tao upang matakpan ng ating mga kasalanan, Dapat nating bayaran at ibalik ang ating kinuha o ninakaw, ngunit ang pagbibigay at pagtulong sa anumang paraan ay hindi maaring ibayad para sa ating iba pang mga kasalanan.

4. A***ng pagsisisi ay hindi dapat sisihin ang iba sa ating mga suliranin:*** Ito ay paghihiganti. Winawasak lamang ng paghihiganti ang ating kaugnayan sa iba dahil sa pag-aakusa natin sa kanila at pinapanagot natin sila sa ating mga kasalanan. Sinisi ni Adan ang kanyang asawa sa kanyang kasalanan, at sinisisi ni Eva ang ahas sa kanyang kasalanan. Iyon ay hindi pagsisisi at kaya sila ay pinalayas ng Dios sa labas ng Halamanan ng Eden.

Ang maling paraan ng pang gsisisi ay pagkakaroon lamang ng paghihinayang at damdamin ng pagsisisi, pagpapahirap sa damdamin ng personal na pagkakasala, walang kaugnayan sa Dios, pagtanggi sa mga paraan at plano ng Dios, pagtanggi sa Dios, pagtanggi sa lugar sa Langit, paghihiganti sa iba at pagwasak ng kaugnayan, at pinsala na ibalik as pinsalang tinanggap.

Ang pagsisisi ay kinailangan dahil ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, ***"23 Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin." (Roma 6:23)*** Sinabi ni Jesus, ***"3 Sinasabi ko sa inyo, Hindi: datapuwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan." (Lucas 13:3)***

Sinabi ng Salita ng Dios na ang pagsisisi ay kinakailangan para sa kaligtasan. Ang Dios ang tanging nag-utos na ang lahat ng tao sa lahat ng dako ay magsisi, ***"Ang mga panahon ng kahangalan ay pinalipas na nga ng Dios; datapuwa't ngayo'y ipinaguutos niya sa mga tao na mangagsisi silang lahat sa lahat ng dako:" (Mga Gawa 17:30)*** Ang Dios ng Banal na Espiritu ang siyang humahatol at humihikayat sa atin na magsisi, ***"7 Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo. 8 At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol: 13 Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating." (Juan 16:7-8)***

Ang pagsisisi ay nagmumula sa Dios at hind isa tao, ngunit ang tao ay kailangang makinig sa Dios at sumunod sa Kanya sa pagiging handa na magsisi. Walang silbi ang pakikipagtalo upang hikayatin ang mga tao, at hindi tayo dapat makipagtalo sa kanila, ngunit ito ang gawain ng Dios sa kanilang buhay na ibigay sa kanila ang pagsisisi upang hayaan silang makalaya sa bitag ng diablo gaya ng mababasa natin dito, ***"23 Nguni't tanggihan mo ang mga usapang walang kabuluhan at hangal, yamang nalalaman mo na namumunga ng mga pagtatalo. 24 At ang alipin ng Panginoon ay hindi nararapat na makipagtalo, kundi maamo sa lahat, sapat na makapagturo, matiisin, 25 Na sawaying may kaamuan ang mga nagsisisalangsang; baka sakaling sila'y pagkalooban ng Dios ng pagsisisi sa ikaaalam ng katotohanan, 26 At sila'y makawala sa silo ng diablo, na bumihag sa kanila ayon sa kaniyang kalooban." (2 Timoteo 2:23-26)***

Ang Dios ay mapagpahinuhod na dalhin ang Kanyang paghatol dahil Siya ay mahinuhod na naghihintay sa mga tao na magsisi, ***"9 Hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi." (2 Pedro 3:9)*** Hangad ng Dios para sa lahat na magsisi upang sila'y hindi mapahamak.

Habang tayo ay pagbabasa ng Salta ng Dios sa Bibliya, dapat tayong magtiwala sa Banal na Espiritu ng Dios na ipakita sa atin ang kasalanan na kailangan nating talikuran at isuko sa Dios. Ang Salita ng Dios sa pamamagitan ng paghatol ng Banal na Espiritu ay ipinapakita sa atin kung ano ang kailangan nating pagsisihan.

Iyon din ay nagpapakita sa atin ng kahalagahan ng pagbabasa ng ating Bibliya sa araw-araw. Basahin araw-araw ang iyong Bibliya, mula sa pasimula hanggang sa katapusan, tatlo hanggang apat na kabanata, sa pagkakasunod-sunod, huwag tumalon sa iba't ibang kabanata ng aklat at tumalon mula sa ibang lugar patungo sa isa, pagkatapos kapag natapos mo ito magsimula muli.

Tapos na ba ako sa pagsisisi kapag ako ay naligtas? Hindi, dahil ang Salita ng Dios ay hindi nangako sa atin na hindi na tayo magkakasalang muli, ngunit kapag tayo'y nagkasala agarang lumapit sa Dios sa pagsisisi, nalalaman na si Jesus ang tanging namamagitan at nangsasalita sa Ama na ating tagapagtanggol. "***Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag mangagkasala. At kung ang sinoman ay magkasala, ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesucristo ang matuwid:" (1 Juan 2:1)*** Siya ang ating tagapagtaguyod, manananggol, ngunit kailangan nating magsisi sa indibiduwal na kasalanan at huwag gawin itong muli. Dahil tayo mga makasalanan, ang karanasan ng pagsisisi ay nagpapatuloy. Ang pagsisisi ay humahantong sa atin ng tunay na pagbabagong-loob at pagbabago.

Ano ang bunga ng pagsisisi?

1. ***Ang Dios ay maawain sa atin at pakikingan tayo para sa ating mga kasalanan: "Lisanin ng masama ang kaniyang lakad, at ng liko ang kaniyang mga pagiisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at kaaawaan niya siya; at sa aming Dios, sapagka't siya'y magpapatawad ng sagana." (Isaias 55:7)*** Matatanggap natin ang kapatawaran at magkakaroon ng malinis na budhi; tayo ay nakikipagkasundo sa Dios at tayo ay naligtas.

2. ***Sa pagsisisi tatanggapin natin ang kagalakan: "Sinasabi ko sa inyo, na gayon din magkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi, kay sa siyam na pu't siyam na taong matutuwid na di nangagkakailangang magsipagsisi." (Lucas 15:7)*** Tayo ay magkakaroon ng kagalakan dahil mayroon tayong kapayapaan sa Dios.

3. ***Sa pagsisisi tatanggapin nating ang kaloob ng Banal na Espiritu: "At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." (Mga Gawa 2:38)*** Sa gayon ay tinapos ni Pedro ang kanyang sermon. Ang mga kaloob ng Banal na Espiritu ay magbibigay-daan sa atin na maglingkod sa Dios sa mas malalim at epektibong mga paraan.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Lumapit ngayon sa Panginoon at maging handang magsisi mula sa lahat ng ating mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Tayo ay maging handa na mangabunga ng pagsisisi. Ating isuko sa Dios at sa katuruan at sa tagubilin na ating tinanggap sa mensaheng ito. Ipangako natin ang ating sarili na mamuhay para sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban at simulang maglingkod sa Kanya at ipamuhay ang ating buhay para sa Kanya. Tayo ay magsisi habang papalapit ang pagparito ni Jesus upang kunin Niya tayo kasama Niya.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking kasalanan, na inilibing ngunit nabuhay na maguli mula sa mga nangamatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.*

*Ipahayag sa Dios at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong kawalan ng pangako, ang iyong pagsisinungaling, ang iyong pagganti at sinisisi ang iba para sa iyong mga kasalanan at maling gawain. Panginoon ngayon ako'y nagsisisi mula sa mga sumusunod na mga kasalanan at maling gawain*_____________________________________________________.

*Panginoon bilang ako'y nagsisi ipagkaloob mo sa akin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang akoy'y pumaroon at maglingkod sa iyo sa mas higit na epektibong paraan. Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili na mangabunga ng higit na bunga ng Banal na Espiritu sa aking buhay upang makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay at sa gayon ako'y maging mabuting halimbawa sa iba na sundan.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapaitd na Lalaki at Babae na nagsisi at bumalik sa iyo. Panginoon pagpalain sila, protektahan sila, at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon hayaan ang kanilang buhay at mga patotoo ay magdala ng iba sa iyo at gamitin sila upang maglingkod sa iyo at gawin ang gawain nan ais mong gawin nila.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at puspusin kami ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan namin upang magevangelio at ituro ang iyong Salita. Panginoon pangunahan kami at tulungan kami na gumawa ng bagong mga alagad at magsanay ng bagong mga manggagawa upang maglingkod sa iyo, at bigyang-daan kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namig madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagsisisi Yugto 3. Mateo 21:28-30. 2 Mga Taga Corinto 7:8-10. Mga Gawa 19:19. Lucas 19:8-9. Mateo 5:23-24. Gawa 26:20. Mateo 3:8. Mga Taga Efeso 2:8-10. Lucas 13:3. Mga Taga Roma 6:23. Mga Taga Roma 3:23. Mga Gawa 17:30. Juan 16:7-8. 13. 2 Kay Timoteo 2:23-26. 2 Pedro 3:9. 1 Juan 2:1. Isaias 55:7. Mga Gawa 2:38. Lucas 15:7.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:

AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com